

## **Abiso ng Karagdagang Aksiyon Pansamantalang Hindi Pagkumpirma (TNC) (U.S. Department of Homeland Security (DHS))**

Apelyido, Pangalan ng Empleyado		Numero ng Social Securityng Empleyado
A-Number ng Empleyado		Numero ng Dokumentong Empleyado
Petsa ng Pansamantalang Hindi Pagkumpirma ng DHS		Numero ng Beripikasyon ng Kaso

Ang iyong employer, [PANGALAN NG EMPLOYER], ay sumasali sa E-Verify. Kinukumpara ng E-Verify ang impormasyon na iyong ibinigay sa iyong Form I-9 (Employment Eligibility Verification) sa mga rekord ng Pangasiwaan ng Social Security (SSA) at Department of Homeland Security (DHS) upang kumpirmahin na awtorisado kang magtrabaho sa Estados Unidos.

### **Bakit mo natanggap ang abisong ito:**

Natanggap mo itong Abiso ng Karagdagang Aksiyon mula sa [PANGALAN NG EMPLOYER] dahil lumilitaw na hindi tumutugma ang ilang impormasyon na ipinasok ng iyong employer sa E-Verify sa mga rekord na kasalukuyang mayroon ang DHS para sa iyo. Hindi ito nangangahulugan na nagbigay ka ng maling impormasyon sa iyong employer, o na hindi ka awtorisadong magtrabaho sa Estados Unidos. May ilang dahilan kung bakit maaaring hindi tumugma ang iyong impormasyon – mababasa mo ang tungkol sa mga kadahilanang iyon online (<https://www.uscis.gov/e-verify/employees/tentative-nonconfirmation-overview> ).

Susunod, kakailanganin mong gumawa ng ilang hakbang bago payagan ng E-Verify ang iyong employer na malaman na awtorisado kang magtrabaho sa Estados Unidos.

### **Ano ang kailangan mong gawin:**

1. **Repasuhin ang iyong impormasyon sa itaas ng pahinang ito.** Hayaan ang [PANGALAN NG EMPLOYER] na malaman kung may anumang error. Maisasara ng iyong employer ang kasong ito at muling mai-input ang iyong impormasyon sa E-Verify ng tamang impormasyon, na sana ay malulutas ang kasong ito. Kung tama ang impormasyon, pumunta sa step 2.
2. **Magdesisyon kung nais mong gumawa ng aksiyon para malutas ang kasong ito.** Kung tama ang impormasyon mo sa itaas, maaari mong piliing gumawa ng aksiyon para itama ang iyong rekord upang ipakita ng mga rekord ng DHS na awtorisado kang magtrabaho sa Estados Unidos.

Kung magdesisyon ka na hindi gumawa ng aksiyon para malutas ang kasong ito, hindi magagawang kumpirmahin ng E-Verify na awtorisado kang magtrabaho sa Estados Unidos at maaaring tapusin ng iyong employer ang iyong pagtatrabaho.

Para sa impormasyon sa mga karapatan at responsibilidad ng empleyado bumisita sa [www.uscis.gov/e-verify/employees/employee-rights-and-responsibilities](http://www.uscis.gov/e-verify/employees/employee-rights-and-responsibilities).

**Paggawa ng aksiyon upang malutas ang isang kaso:**

Mayroon kang **8 araw ng trabaho ng Gobyernong Pederal** upang makipag-ugnayan DHS mula sa petsa na ipinadala ng iyong employer ang iyong kaso sa E-Verify. Dapat kang bigyan ng iyong employer ng Kumpirmasyon ng Petsa ng Rekomendasyon, na magsasabi sa iyo ng petsa kung kailan ka dapat makipag-ugnayan sa DHS.

---

**Makipag-ugnayan sa DHS:**

Upang gumawa ng aksiyon para malutas ang kasong ito, tumawag sa DHS sa 888-897-7781 (TTY: 800-877-8339). Tutulongan ka ng isang kinatawan na asikasuhin ang mga detalye ng iyong kaso.

Gawing bukas itong Abiso ng Karagdagang Aksiyon kapag tumawag ka sa DHS, upang makasangguni ka rito. Maaaring humingi sa iyo ang kinatawan ng DHS ng karagdagang impormasyon o mga dokumento upang malutas ang iyong kaso. Kung kailangan mo ng tulong sa ibang wika, siguruhing humingi ng isang interpreter.

---

Upang matingnan ang katayuan ng iyong kaso, bumisita sa myE-Verify sa <https://selfcheck.uscis.gov/SelfCheckUI/CaseTracker>

**Pakitukoy sa ibaba kung layon mo o hindi na tutulan ang kasong ito.**

Pinipili kong: (i-tsek ang isa)			